**Abstract**

Reflecting the thematic focus of Bautista's novel on the struggle of a mother/wife to liberate herself from patriarchal domination, this essay inquires into the making of the work itself. Silences, ruptures, breaks—the unsaid norms, codes, rules—overdetermine the itinerary of the narrative. The heroine's fate coincides with the collective predicament of the masses in their fight against the Marcos dictatorship. A critique of maternal ideology is given historical contextualization and archival linkage with international feminist discourse. The personal and political converge in Lea Bustamente's involvement with the class/national liberation mobilization during the Cold War in neocolonial Philippines.

**Keywords**

Maternidad, diktadura, patriyarkal, ideolohiya, praktika, kababaihan

**English title**

Sexual Politics and the Problem of Gender in Lualhati Bautista's *Bata Bata . . . Pa'no Ka Ginawa?*

# NOBELANG *BATA, BATA . . . PA'NO KA GINAWA?* POLITIKANG SEKSUWAL AT PROBLEMA NG KASARIAN SA TALAMBUHAY NI LUALHATI BAUTISTA

**E. SAN JUAN JR.**

Maghunos-dili nga tayo, at imulat natin ang mata, lalong-lalo na kayong mga babai, sapagkat kayo ang nagbubukas ng loob nga tao . . . Malaki ngang di bahagya, ang katungkulang gaganapin ng babai, sa pagkabihis ng hirap ng bayan, ngunit ang lahat ng ito'y di hihigit sa lakas at loob ng babaying tagalog. Talastas ng lahat ang kapangyarihan at galing ng babayi sa Filipinas . . .

—Jose Rizal, "Sa mga Kababayang Dalaga ng Malolos"

Sa mitolohiyang, Griyego, . . . babae ang tagapangalaga ng mga hayop at halaman, ang tagapagkalinga ng kalikasan. Babae ang nagluluwal sa mga supling na hindi nangangailangan ng mga ama; .mga anak na babae na hindi mangagailangan ng asawa. Ngunit ang babae'y pinalapastangan sa isang lalaki—nakakilala ng karahasan ang mga supling; di malirip na hapis ang dinanas ng mga ina hanggang humulagpos ang bait nila . . .

—Ruth Elynia Mabanglo, "Ang Babae sa Loob ng Bote"

Ano ang isang ina? Mayamang hapag ng gutom na sanggol / Kumot sa gabing maginaw / Matamis na uyayi / Tubig sa naghahapding sugat / Ngunit ano ang isang komunistang Ina? / Maapoy na tanglaw tungo sa liwayway / Sandigang bato / Lupang bukal ng lakas sa digma, katabi sa labanan at alalay sa tagumpay / ang ina ko.

—Maria Lorena Barros, "Ina"

UMANI NG ALINGASNGAS ang bantog na *Bata Bata . . . Pa'no ka Ginawa?* ni Lualhati Bautista sa pagtatanghal ng isang babaeng tanggap na dalawang asawa niya ang ama ng kaniyang anak. HIndi magkasabay, kaya hindi ilegal na polygamya. Tampok ito sa pelikulang sumunod. Ang eskandalo ay kolokyal na idyoma, garapal o malaswa sa iba, pero lengguwahe ng palengke't lansangan, at malimit na ring madinig sa TV serye at sinehan. Siguro mapangahas ang ilang bahaging "bold" o prangko sa pagtatapat ni Lea hinggil sa "anuhan," seksuwal na pagtatalik ng katawan, na sa kaniya ay dapat ibukod sa pagtatalik ng mga kaluluwa. Sa pagitan nito—sa butas, puwang o biyak na sumungaw sa pagitan ng *body politic* at organikong komunidad ng nagdurusang nilalang—nasungkit ang pagkamaaari ng salaysay.

Ang pagkawala ni Johnny Deogracias ay maituturing na simbolo ng mahihinuhang integrasyon ng mga pangyayari sa magulong buhay ng

babaeng protagonista. Sa huling eksena, tinig ni Lea ang pupumupuno sa espasyong saksi sa pagkawala ng dalawang lalaki/asawang nagbigay-istatus sa kaniya bilang ina/taong-bahay. Bukod sa tatlong lalaki, na naipahiwatig na sa pagkasawi ni Benigno Aquino, maisasaisip rin ang amang pinaslang sa piketlayn at mga sawimpalad na inimbestiga ng grupo ni Sister Ann. Wala ring banggit kina Elinor at Chona, pati babaeng napikot ni Ding (siya ang pumalya sa ospital nang iluwal si Maya na anak niya). At bagama't wala rin si Sister Ann sa pagtiklop ng istorya, hindi natin maililingid ang presensiya niya sa mga huling pahimakas ni Lea na "sasama siya" sa "digmaan ng mga uri't prinsipyo" (239).

Sa mapanglibot na tanaw, ang kabuuan ng nobela ay nakasalalay sa kawalan sa literal at metaporikang katuturan (Macherey). Iyong mga kawalan o katahimikang nabanggit, na bunga ng pagpapasiya ng punto-de-bista, si Lea na mapagbiro't mapanudyong tagapagsalaysay, ay nagsisilbing kondisyon ng posibilidad ng akda. Tulad ng ritwal ng pagtuli kay Ojie, ang ritwal ng graduwesyon nina Maya at Ojie, pista ng mga kaarawan, mga rali/demonstrasyon, aliwan sa Fiesta Carnival, at lakbay sa Baguio City, ay operasyon ng pasumalang pagkakabit ng mga samot-saring sangkap sa narasyon.

Ang pag-akyat ni Lea at Sister Ann sa nakawiwiling lungsod ng Baguio ay nagresulta sa bintang ng pagpapabaya ng mga anak mula kina Ding at Raffy. Hindi personal na paglilibang ang pakay ni Lea kundi proyektong nagbuhat sa misyon ng makakawang-gawang grupong punan ang kawalan ng malasakit para sa mga biktima ng pasistang Estado. Samakatwid, iyon ay tangkang pagpuno sa kawalan ng organikong koneksiyon ng mga pangyayari liban na lamang sa iyo'y kaugnay ng pagsusumikap ni Lea na kalingain ang mga anak at manatiling buhay sa gitna ng krisis ng bayan sa panahon ng malupit na diktadura at giyerang "Cold War" sa Indo-Tsina.

Ang karumal-dumal na kawalan, para sa mayorya, ay kawalan ng hustisya, karapatang sibil, at mga basikong pangangailangan (damit, gamot, tirahan) upang mabuhay nang may dignidad at mabiyayang dangal—isang kawalan na analogo sa kawalan ng pagkilala sa halaga, kabuluhan, at potensiyal ng kababaihan sa pag-unlad ng kolektibong kabuhayan.

## Pambungad na Kuro-Kuro

Nais kong ihain sa umpisa ang ilang argumento sa talakayang-suri sa nobela. Una, ang panitikan ay hindi isang bagay o obhetong binansagang

"likhang-sining," isang mahimalang penomena. Hindi obheto ang akdang *Bata Bata* kundi isang halimbawa ng praktika. Ito ay isang metodo ng transpormasyong materyal, isang proseso ng praktika sa pagbabago ng mundo (Macherey). Walang "panitikan" na may angking gayuma o esensyang mistikal, manapa'y ito ay kategorya ng paggamit, isang espesyalisasyon ng praktika ayon sa antas ng uring panlipunan, "a key concept of a major phase of a culture," "a particular form of the social development of language" (Williams 53). Taglay ng proseso ng tanspormasyon ang iba't ibang hugis, anyo o ayos na dapat pag-aralan at kilatisin sa bawat tiyak na yugto ng lipunan sa kasaysayan.

Alinsunod sa gayong pananaw, siyasatin natin kung anong porma ng kamalayan ng praktika ang naganap sa talambuhay ni Bautista. Suriin natin ang mga pangyayari, tauhan, kondisyon ng panahon at lugar, kung saan dumaloy ang mga pangyayaring naihanay sa banghay ng talambuhay. Halungkatin natin ang mga materyales na niyari mula sa masalimuot na karanasan ng mga protagonista sa nobela. Bulatlatin natin ang mga ideya, saloobin, gawi, hilig, damdamin, at dalumat ng mga tauhan sa inihabi sa paraang di-pangkaraniwan.

Sa umpisa ng asignaturang ito, pumili tayo ng ilang bahagi ng nobela na mikrosmikong tipo ng konstelasyon ng mga pangyayari. At doon suriin natin ang kongkretong paraan ng transpormasyon ng mga salik/sangkap ng balangkas ng naratibo. Maitatambad roon ang susing tema at retorika ng politikang seksuwal ng mapanghamong imahinasyon ng awtor.

## Mapangligaw na Tanong

Sa malas, ang nobela ay nakatuon sa mga anak ni Lea Bustamante at paano sila inaalagaan at nagkamalay. Mapanukso ang pamagat ng nobela. Sa sipat ng Wikipedia, hindi "process of reproduction" ang usapin dito kundi "the revelation of its true, symbolic question-message: 'Child, Child . . . How were you modeled to become a mature, grown-up person?' " Maligasgas ang Ingles tulad ng maling punto ng diskurso. Sa totoo, kuwestiyon ng tungkulin ng ina ang at paano kinakandili ang mga anak, ang primaryang paksa. Hindi pa nakataya ang modelo ng batang lumaki't umabot sa baytang na mayor-de-edad. Iyon marahil ang nais mabatid, at maunawaan ng maraming mambabasa. Bakit?

Sa ibang perspektiba, ang layon ng salaysay ay isa: patotohanan na ang bata na lumalaki/gumugulang ay produkto ng pawis at galing ng magulang. Sa kasong ito, bagama't dalawang ama ang nasasangkot,

itinatampok si Lea bilang ina na tanging nag-aabala sa pagmantini ng matinong pagsulong ng anak. Sa paglalarawan ng kaniyang pagpupunyagi bilang ina, isisiwalat din ang pagkakamit niya ng kamalayan-sa-sarili bilang nagsasariling tao lagpas sa determinasyong kombensiyonal. Ang pagka-lalaki o pagka-babae ay hindi katangiang natural o biyolohikal kundi isang konstruksiyong panlipunan, isang konseptong kalahok sa kumplikadong salabid ng kultura at halagahan.

Isang pruweba sa hakang ito ay kadahupan ng detalyadong deskripsiyon ng kalibugan, maliban sa mga manipestasyon ng kagustuhan o simbuyong seksuwal (69-71). Walang intensiyong pornograpiko o erotikong pagliliwaliw ang mababakas sa nobela. Ang pagkabigong "mag-anuhan," bagama't naisakatuparan bago umalis si Ding, ay sintomas na umalpas na si Lea sa kulam ng maternidad. Hindi na angkop sa kaniya ang bansag na "Reyna" ng tahanan/kasambahayanan o ulirang asawa. Kung paano naisulong ang proyektong ito, ang maipapalagay na adhikaing sinaluysoy ng nobelista.

## Kartograpiya ng Pakikipagsapalaran

Lumundag tayo sa huling kabanata. Hinirang na ispiker si Lea sa ritwal ng graduwesyon, pagkilala ng kaniyang partisipasyon sa paaralan—hinirang nang walang banggit kung siya ay dumaan sa institusyong iyon. Di pa natin nakaligtaan ang bulong-bulungan ng prinsipal at mga guro hinggil sa eskandalo ni Lea bilang ina na may dalawang asawa—isang paglabag sa batas at Kristiyanong moralidad. Naipahayag na niya sa publiko na dalawa ang asawa niya, hindi niya ikinahihiya iyon. Ngayon, sa harap ng madla, matapang ang deklarasyon niya: "Siya, si Lea Bustamante, isang makabagong babae, sarili muna bago lahat, may isanlibo't isang kapintasan." (234)

Pakiwari ko'y magkasundo lahat na nakaigpaw si Lea sa piitan ng tahanan, sa kulungan ng normatibong kodigo ng masunuring asawa. Madaling gawin sapagkat walang ligal na dokumento ng kontrata ng kasal sina Ding at Lea, taguring "lived-in partners." Subalit ano iyong mga kapintasan na nagtiyak sa natatanging karakter ni Lea? Walang banggit, tayo na ang magpuno sa blangkong lakdaw. Sa opinyon ko, iyon ay matutuklasan sa estruktura ng lipunang kinalakihan niya, sa masukal na suliranin ng paghahanap ng makikibahagi sa kaniyang danas, sa gitna ng dominasyon ng maka-lalaking pangitain at patriyarkong pamantayan. Isang kapintasang hindi mapapahintulutan ang paghahanap-buhay

niya; hindi siya nagpokus sa gawaing kasambahay, hindi siya tumigil sa paghahanap ng ginhawa o kaganapan sa piling ng ibang tao, sa publikong espasyo ng pakikibaka at pagtutulungan ng ordinaryong mamamayan.

## Hindi Ako Makahinga

Ang espasyo ng kalayaan para sa kababaihan ay makitid, gipit, at umiiwas talaban ng anumang kritika o susog na baguhin ito kaagapay sa nagbabagong pangangailangan ng lipunan. Ang espasyong iyon ay limitado ng uri ng pamilyang umiiral at seksuwalidad na pinahihintulutan. Kapuwa iyon itinakda ng politika at ekonomiya ng bansa sa pagsulong ng kasaysayan. Iba't ibang porma ng pamilya ang mapapagaralan depende sa ayos ng lipunan at antas ng produksiyon at kontradiksiyon ng mga uring nagtutunggalian.

Sa isang masaklaw at malalim na pag-aaral sa ekonomiyang pampolitika ng bansa, natuklasan ni Elizabeth Eviota ang pinagbuhatan ng estruktura ng pamilya sa umiiral na relasyong sosyal ng produksiyon/reproduksiyon ng lipunan. Napatunayan na ang dominasyon ng kalalakihan ay nakasandig sa prosesong pangkasaysayan ng buong bansa. Mula pa sa kolonyalismong Espanyol hanggang sa pananakop ng imperyalismong US , nabuwag ang pamilyang masaklaw (bilateral) ng panahong piyudal at katutubo at napalitan ng matrimonyang konjugal at pamilyang nukleyar. Sumipot ang paghahati ng pamumuhay sa pribadong lugar, ang lunan ng buhay pampersonal, at publikong espasyo ng hanapbuhay, na mahalaga sa pagkamal ng salapi at pagtustos sa mga pangangailangan.

Sa kasalukuyang yugto ng pagtakbo ng produksiyon, nakarating tayo sa haluang piyudal at komprador-kapitalistang moda. Sa parametrong ito, ang pamilya ay kasangkapan sa paglago ng tubo. Walang suweldo o halaga ang domestikong gawain ng kababaihan habang inaalagaan ang susunod na henerasyon ng trabahador, pati ang gawaing pampubliko ng asawa. Sa gitna ng marahas na digmaan sa labas at alyenadong trabaho, ang pamilya ay nagsisilbing di-umano'y "haven in a heartless world" (Mitchell). Ang pamilyang umiiral ay isang mabisang institusyon ng burgesya kung saan walang pagkakapantay-pantay at walang kalayaan ang mga babaeng magpasiya (Barrett and MacIntosh; Eviota; Aguilar). Hindi silungan o "haven" ang pamilya ni Lea kundi bakuran ng gulo, ligalig, awayan, vortex ng mga sapin-saping kontradiksiyon.

Maipapanukala rito na ang "usapin ng kababaihan" (*Woman Question)* ay nakasentro sa sitwasyon ng pamilya, matrimonya/kasal, at ayos ng

kamag-anakan (Godelier; Mitchell). Puspos ng kakulangan ang mga kategoryang iyon, at sa butas o puwang sumisingit ang udyok, hibo at simbuyo ng libidong masilakbo ng kababaihang kinatawan dito ni Lea Bustamente, Inang nag-iisa.

**Iginuhit ba ng Tadhana?**

Ang buhay ni Lea Bustamente at mga anak, Ojie (Roberto de Lara) at Maya (Maria Natalia Gascon), ay umiinog sa kulungan ng pamilyang kakatwa. Sa pribadong espasyo ng tahanan nayayari ang padron ng buhay pampersonal ng ina at mga anak. Wala nang produksiyong materyal, kalakal o salapi, ang silbi ng tahanan, kundi reproduksiyon ng kamag-anakan. Tandaan: walang banggit sa mga magulang ni Lea kumpara sa ina ni Ding na kontrolado pa rin ang anak. Bukod kay Ding, si Raffy ang unang asawa ni Lea na manghihimasok muli sa kanlungan ni Lea upang angkinin si Ojie. Sa kinkita ni Lea umaasa ang pagmantini sa kasambahay—halos kabit lang niya si Ding, Kaya bukod sa pagiging ina at kabiyak, si Lea ay may epektibong kasarinlan—hindi siya depende sa dalawang lalaki. Taglay niya ang kakayahang maging independiyente sa panginoong may sahod na nagpapakain.

Ang problema ni Lea, sa malas, ay pagsasakatuparan sa udyok ng katawan, ng seksuwal na kaganapan, na naranasan niya kay Raffy. Ang simbuyong libidinal ay sumisingit sa puwang ng panahong labi mula sa pag-asikaso sa kasambahay. Kailangan pa rin ni Lea si Ding, na pansamantalang gumanap sa posisyon ng dating asawang si Raffy. Ang pagtutulungan ng kasambahay ay siyang tinaguriang "reproduction of the social relations of production" na bukal ng katawang hinubog ng mismong lipunan. Natural daw na kailangan ng babae ang lalaki upang lumigaya at matugon ang kagustuhan ("libido" ay hango kay Freud, masinop na binatikos ni Eva Figes), turo ng kalakaran. Sospetsang hindi pa siya pagod, mayroon pang lakas at panahong pansarili liban sa trabahong pangkusina:

> Minsan, sa babae, dumarating din 'yong bigla e *gusto niya*. Hindi naman siya nanonood ng *bold*, wala naman siyang nakikitang *bold*, e kung bakit papasok na lang sa isip niya. Ewan ba kung anong kapangyarihan meron ang libido ng tao para bigla na lang niyang maisip: Teka, gusto ko, a. Buti na lang, andito si Ding . . . may kasama 'kong gagawa do'n sa gusto ko! (23).

Hindi nangyari ang inaasahan, sa interbensiyon ng isang babae rin, ang ina ni Ding, isang parikalang parunggit. Kalauna'y hihilingin ang interbensiyon ni Elinor, na tutulong kay Lea, at ang di-kilalang babaeng nabuntis ni Ding habang kalaguyo siya ni Lea—sintomas ng pagsira ng plasenta at pagluwal ng bagong babaeng titindig sa podium at magsasalita.

## Bisperas ng Babaylan

Maintriga ang paksang ugnayan ng kababaihan at espasyo ng di-malay. Pahiwatig ng simbuyong libidinal na malapit ang intuwisyon-saloobin ng babae sa kabanalan. Napagmuni ng pilosopong Hegel na ang buhay-babae ay kalakip sa mga bathalang kasambahay (sa Romanong relihiyon, "Penates"). Iyon ang bukal ng etikang asal (*Sittlichkeit*) na tuwirang angkin ang halagang unibersal (476). Nakatali ang dimensiyong sakramental sa sinaunang Ina-Karapan (*MutterRecht*) na dinalirot nina Bachofen, Engels, Jung, at Erich Fromm. Sa sitwasyon ni Lea, nilambungan ang "penis-envy" ni Freud, na depinisyon ng pagkababae, sa ilang kabanatang lumundo sa pagtuli kay Ojie. Nagsilbing alibi iyon upang maibalik si Raffy. Sa puntong ito, masasabi na halo-halong ambil ang makakatas sa "anuhan," taliwas sa sikoanalitikong larang ng libido. Kay Lea, ang "anuhan" ay pagrebelde sa paghahari ng kalalakihan.

Naaninaw na sa eksena sa Kabanata 3 ang pag-ikot ng mga pangyayari sa pagkabigo at hindi pagdalo ng lalaki. Una, ang pagkabigo kay Raffy bilang amang mamalagi, at kay Ding na lilisan o tatakas nang walang himaton. Ang pagsosolo ni Lea ay ibinunsod sa ganitong pasumala't pagbabaka-sakali. Bago magkagayon, ipinangaralan ang mga anak (si Ojie na nagsusugal sa Gerona, sentro ng droga) na siya (si Lea) ang may kapangyarihan sa tahanan sapagkat siya ang may hanapbuhay. Ngunit hindi siya makagaganap ng pagka-tatay ni Ojie. Sumbat niya sa dalawang anak na kahit wala ang mga ama, maginhawa ang buhay nila, hindi sagabal o balakid ang pagtuli kay Ojie (139–40).

Sa kabila ng galit at konsumisyon, umiral pa rin sa kalooban ni Lea ang doktrina ng maternidad, kaipala'y nesesidad sa pribadong larangan na walang ibang mag-aalaga ng mga anak—walang obligasyon ang Estadong kumandili sa pamilya—kundi ang ina sa tahanan. Iyon ay nag-ugat sa lohika na ang pagkababae at pagkamakalinga ay natural, itinalaga ng kalikasan. Dahil dito, nailuwal ang unang proletaryado sa daigdig (Engels). Elaborasyon pa ng mga eksperto sa agham-panlipunan na expresibo o apektibong aruga ang ipinapadama ng babae, samantalang

tangkilik instrumental naman ang dulot ng lalaki (Mitchell 309–10). Gayunpaman, hindi rasyonal na ibuhos lahat sa babae ang sosyalisasyon ng anak, talagang mabigat na atas sa nagsosolong magulang:

> Wala nang ganang magluto si Lea, pero mahirap talaga ang maging nanay, o nat-tay for that matter; hindi ka puwedeng pailalim sa kawalang-gana mo, sa sakit mo, sa kaabalahan mo. Magugutom ang mga bata. Obligadong punasan ni Lea ang luha't sipon niya, tumindig, magsaing, magluto, maghain. Hindi totoong parang sine ang mga drama ng buhay dahil sa kabila ng mga drama, nananatili ang realidad ng mga tao: realidad na minsa'y kasing-simple lang ng kaalaman na kailangang pakainin din ang batang sa galit mo ay sinampal mo (141).

Bumagsak ang "realidad" sa pagkawala ni Ding, ang kulang-sa-patriyarko at humalili ang panginoon ng kasambahay, si Lea. Dalawang larangan ang tinutulay ni Lea: ang pribadong espasyo ng pamilyang alanganin, at publikong larangan ng pakikisalamuha sa organisasyong kasapi siya. Dobleng katungkulan. Bukod sa PTA ng eskuwelahan, nariyan ang Fact-Finding Committee na kinabibilangan nina Johnny Deogracias at Sister Ann, kapuwa inialay na simbolikong senyal ng sakripisyo upang iligtas si Lea sa parusa ng Estado at ipokritang tradisyon.

## Ang "Salvaging" ng Libog

Balik-suriin natin ang materyales na ginamit sa pagyari ng tinistis na katawan ng nobela: babaeng ina ng dalawang bata na magkaiba ang ama, "salvaging" o "Extra-Judicial killings" ng mga maralitang mangagawa, ang pagpaslang kay Senador Benigno Aquino noong 1983, pagburol ng mga biktima, human-rights symposium hinggil sa paglabag sa karapatang pantao noong panahon ng batas militar, pakikitungo sa institusyon ng paaralan, pulisya, at ospital, ang mobilisasyon ng mga aktibista, ang ritwal ng pagtatapos ng mga anak, atbp. Naisalansan din ito sa kalendaryong kuwadrong pinapalamutian ng pista ng Pasko, kaarawan, at Bagong Taon.

Salungguhitan natin ang papel ng eskuwela. Sa pag-aaral ni Louis Althusser sa transisyon mula modang piyudal ng produksiyon tungo sa kapitalistang yugto, ang pumalit sa pamilya bilang pinakamabisang aparatong ideolohikal ng Estado ay ang paaralan, ang institusyong

pang-edukasyon (127-29). Sapagkat atrasadong neokolonya ang bansa, hindi lahat ay nakatatapos sa kurikulum ng indoktrinasyon. Kaya patuloy pa rin ang pamilya/kamag-anakan sa paghubog ng karakter ng bawat mamamayan. Ideolohiya ng piyudal-patriyarkong rehimen, hindi utilitaryanismong liberal, ang nakalalamang pa rin sa namamayaning halagahan, sanhi sa nangingibabaw na poder ng mga panginoong maylupa, uring komprador at burukrata-kapitalistang nangangasiwa sa mga ahensiyang mapagsamantala.

Sa nobelang ito, mas malaki ang impluwensiya ng kaligiran ng eskuwela kaysa pamilya ni Lea: mabuway ang hawak ni Lea sa mga anak, mapagpaubaya. Si Ding ay nakasingkaw pa sa Ina, at si Raffy ay abala sa asawang Elinor. Walang bakas ng relihiyosong minana liban na sa burol ng mga biktima at singaw ng panagimpan sa Pasko at Bagong Taon. Lumilitaw na ang pagkatuto nina Ojie at Maya sa panuntunan at regulasyon ng lipunan ay hango sa eskuwela at sa mga kaibigan at kapanalig ni Lea. Anupa't ang tungkulin ni Lea ay hindi na pagtuturo ng makatwirang asal sa mga anak—ginagampanan na iyon ng eskuwelahan—kundi ang paghalaw ng leksiyon sa mismong karanasan nila sa pang-araw-araw na pakikipagkapwa, pakikitungo, pakikisalamuha. Ito nga ang buod ng kaniyang talumpati sa pagtatapos sa huling kabanata. Katuwang ni Sister Ann at prinsipal Zalamea, si Lea ang mahihirang natin na patron ng modernistang sekularisasyon na ang pasinaya ay feministang panawagang ibinabandila ang libertad ng lahat upang tugisin, yapusin, ang pinakamimithing kaligayahan.

## Di Sadyang Mediyasyon ng Iba

Bumalik tayo sandali sa kasukdulan ng karanasang libidinal ni Lea. Bago maabot ang pagbalikwas sa maternidad, susubukan pa ni Lea ang humuli ng pagkakataong makapagtalik sa ibang lalaki, si Johnny Deogracias. Bago humantong sa Kabanata 25, nawala na ang pag-asa ni Lea na bumawi o tumabla: kasal na si Raffy kay Elinor (Kabanata 5). Dumagsa rin ang bigong suyuan nila ni Ding (Kabanata 8), ang palaisipan sa pagtuli kay Ojie (Kabanata 10), at ang balak ni Raffy na isama sa US si Ojie. Sa Kabanata 20, nasupalpal ang fantasya ni Lea na makipag-anuhan kay Johnny sa Baguio. Marahil ang pagsumbat ng dalawang lalaki, Ding at Raffy (sa Kabanata 24), ang nagtulak kay Lea na humanap ng pagkakataong makahinga. Samakatwid, hindi libido lamang ang sangkot dito kundi ang dahas ng mga sikumstansiyang sumiil at sumugat sa kalooban ng nasukol na babae.

Bago mangyari iyon, ang paikutang tagpo na umugit sa diwa ni Lea ay mapapanood sa Kabanata 21: ang palitang-isip nila ni Sister Ann. Hindi aksidenteng laro ng libido/di-malay (unconscious) ang gumambala't bumalisa kay Lea, kundi pagkabahala't pag-alala sa kaniyang sitwasyon:

> Talaga 'atang malas siya sa lalaki. Nagduda tuloy si Lea na baka wala na siyang *appeal*. At kasabay na pag-iimbestiga niya sa sarili kung wala na nga ba siyang *appeal*, hinarap niya ang katotohanan na hindi mapapasinungalingan: lampas-treynta na siya, dalawa na ang anak, hindi na masyadong maganda. Oo nga, medyo maganda pa rin pero hindi na puwedeng ihanay sa mga beynte-disiotso. Marami nang kamot ang tiyan niya . . .
>
> Dapat talaga, h'wag na siyang mag-iisip ng tungkol sa pag-ibig. Kung ba't naman kasi biglang-bigla na lang, nakakaisip siya ng pag-ibig. E ba't 'yung iba, nabubuhay kahit wala nito? (160).

Biktima rin si Lea ng mga ilusyon at haka-hakang esteryotipikal tungkol sa kariktan ng babae na kinakalakal sa kapitalismong pamilihan. Kaalinsabay nito ang paniniwala hinggil sa "pag-ibig" na paboritong komoditi sa mass media. Sa palabirong kumbersasyon nila ni Sister Ann, ikinumpisal ni Lea ang udyok ng saloobing maghanap ng lalaki kapag nalulungkot (sa sikolohiya, "obsession complex"). Lumulutang na ligamgam sa mga tauhan ay tila alingawngaw ng ligalig sa kapaligiran. Naghihimagsik din ang kalooban ni Lea sa ganitong tendensiya: "Hindi niya maintindihan kung bakit, pero gusto niyang umiyak. Putang ina kasing Johnny 'yan. Putang-ina rin si Ding. Pati si Raffy, putang ina na rin" (162). Kanino pinatutungkol ito, kay Ebang makasalanan? O kay Inang nabaliw tulad ni Sisa ni Rizal? O sa isang pinagpalang Ina na aalo't lulunas sa lahat ng sakit ng sansinukob?

Walang pagtitimping pagbulalas ng mga kabiguan at kakulangang nadarama niya ang ginanap ni Lea sa harap ni Sister Ann. Walang ano-ano'y naibunyag ang matinding pangangailangan, hindi seks kundi isang taga-pakinig at kapalagayang-loob. Nais niyang saklolo ay isang kanlungan tulad ng ina: "Gusto kong may napagsasabihan ako ng mga nararamdaman ko. Isang makakaintindi sa 'kin. Ibig kong sabihin, makakaintindi talaga. Aakapin niya 'ko, at lalakas uli ako. Kasama ko

siya pag gusto ko siyang kasama. Kakampi ko sa mga laban ko" (163). Hindi kapatid kundi kapanalig, katulong, kasabwat.

Kahit paano, naisakatuparan ni Sister Ann ang magsilbing pansamanatalang ina kay Lea. Isang kawalan na napunan. Kaya nakabangon siya sa pagkalumpo ng espiritu. Nakuha niyang alamin at matarok ang realidad ng terorismo ng Estado at barbarismong nasaksihan: "Dinalaw ni Lea at mga kasama ang libingan ng mga nawala. Wala silang nakitang umiiyak, ang meron lang ay mga poot at piping sumpa" (164)—pakiramdam natin na ito'y salungat na reaksiyon kumpara sa pagkaawa-sa-sarili ni Lea, sa kaniyang galit at pagdabog sa pangungulila. Tumiklop ang eksena sa nabasang balita sa pahayagan: ang pagpaslang kay Senador Aquino sa Manila International Airport—isang makasaysayang pangyayari "sa bansa dahil naghudyat ng isang maigting at makabuluhang daluyong!" (165; hinggil sa mga protesta at kilusang anti-diktadura, konsultahin sina Javate-De Dios, Daroy at Kalaw-Tirol).

Maitanong natin: Sakripisyong alay kaya ito sa Erinyes, ang mga diyosa ng tadhana, bilang higanti sa dinuhaging kababaihan?

## Katarsis at Paghuhunos

Ang kakatwa't nakagugulat na buntot ng engkuwentro ng madre at inang mataray ay masusulyapan sa Kabanata 28: ang pagsapi ng madre sa mga gerilya ng New People's Army, ang sandatahang yunit ng Partido Komunista. Samantala, dinakip na si Johnny sa bisa ng Presidential Decree ni Marcos. Isa na siya sa mga sinalvaged na desaparesidos na pag-uukulan ng pansin ni Bautista sa susunod na nobela, *Desaparesidos.* Naglaho na sa isip ni Lea ang aksidente ng mga anak, ang galit kay Ding at Raffy, ang balisa at hapis sa pagkawala ni Johnny na kalaguyo niya isang gabi.

Bisperas ng Bagong Taon nang dumalaw si Sister Ann. Sumingit ang pagpanaw ng anak ng isang nasawing manggagawang nakihamok, at inang nagpakamatay. Namatay ang sanggol dahil walang nagpapasusong ina. Paglisan sa burol, natagpuan ni Sister Ann si Lea, "kimis nang mahigpit ang sarili't nanginginig ang katawan. Umaagos ang luha hanggang baba, hanggang leeg, hanggang dibdib." Hindi dalamhati ang sumakop sa kaluluwa kundi galit, sumpang sumabog: "Gusto niyang magwala, gusto niyang pumatay." Pagkaraang magmura ng "Putang ina nila," naibulalas niya, "Naiintidihan mo, sister, hindi ito makukuha sa dasal? Kasalanan na ngayong lumuhod lang at humingi ng awa habang pinapatay ang mga walang laban!" (214). Sumang-ayon ang alagad/asawa ng Diyos. Pagkaraan

ng isang linggo, sumanib na ang madre sa armadong mobilisasyon ng masa—"nasa countryside, iba na ang pangalan, at noon pa pala isa sa mga de-ranggong personahe ng kilusang underground!" (214).

Mula sa ligayang seksuwal ng katawan hanggang pagdamay sa mga biktima ng Estadong lapastangan sa taumbayan—ito ang kartograpiya ng paghuhunos ng diwa ni Lea. Nalusaw ang sarili sa pusod ng komunidad ng kabarong mulat. Isang halimbawa ng mga kababaihang gumising at nagkamalay, bukod kay Sister Ann, ay si Mrs. Zalamea, ang prinsipal, at mga kasama niya sa martsa ng mga kababaihan sa Plaza Roma (183–84). Narebisa ang suhetibidad o kaloobang mapagpasiya, isang identidad na labas sa dibisyong sosyal ng trabaho. Nilabag nito ang indibidwalismong pinuna ni Eli Zaretsky: "Having no private property to uphold, contemporary individualism upholds the self as an 'autonomous' realm outside society" (34).

Nais kong idiin na hindi hiwalay ang "sarili" ni Lea sa pakikilahok niya sa kolektibong proyekto ng kababaihan at taumbayan. Malimit at madaling mapagkamalan ito na isang tipo ng sakim o mapag-imbot na populistang personalismong instrumento ng oligarkiya upang linlangin at dayain ang sambayanan. Ang repleksiyon ni Lea ay bahaging integral ng proseso ng transpormasyong dinaranas niya. Kung tutuusin, ang pagkalundo ng malay sa maramdaming saloobin at mga pangangailangang-pansarili ay nagpatingkad sa kaligiran ng pamilya, nagpatining dito at naghikayat din sa pagdurog ng tiwali't marahas na piyudal/kapitalistang awtoritaryanismo.

## Ang Sakripisyo ng Oligarkong Ikon

Bago mangyari ang desisyon ni Ojie sa alok ni Raffy na sumama sa Amerika, ilalagay sa gitna ng naratibo ang pagpaslang kay Benigno Aquino (Kabanata 22) at mga demonstrasyong sinindihan nito. Alegorya kaya ito ng mga expatriate na naglakbay sa Amerika, na wala na silang kinabukasan pagbalik? Nasalamin itong pagpanaw ng bayani sa pag-alis ni Raffy at ni Ding, pati pagkawala ni Johnny Deogracias, na ibinaligtad naman sa paglisan ni Sister Ann upang lumubog sa daluyong ng insureksiyon ng aping sambayanan.

Mabilis ang transpormasyon ng kaligiran. Sa kasukdulang tagpo sa Kabanata 29, naganap ang pagdaos ng pagpapalitan ng babae (exchange of women) pagsunod sa tabu ng incest (Rubin; Leacock). Umusad sa pagtiwalag ni Ding. Pinalitan na si Lea ng ibang babae, babaeng hindi

niya matatakasan tulad ni Lea. Natural, nagimbal si Lea nang paulit-ulitin ni Ding na tapos na sila. Sa pagmumuni ni Lea maipapagtibay ang ipotesis natin na hindi pagtatalik na seksuwal ang hangad niya kundi pakikipagpalagayang-loob. Walang palitan dito kundi komunikasyon, diyalogo, bahaginang kusang itataguyod ng mga kabalikat.

Subaybayan ang testimonya ng budhing mapagmalasakit sa nakapupukaw na narasyon: "Tumawid sa isip niya ang nakatakdang pag-iisa niya gabi-gabi . . . walang yumayakap at walang umaano. Hindi, hindi niya hinahanap ang pakikipag-anuhan sa mababaw na tamis na dala nito kundi sa lahat ng malalim na damdaming kaugnay niya: 'yong damdamin ng pakikipagkomunikasyon at pakikipagkomunyon sa isang lalaki. 'Yong katiyakan ng pagkakaroon ng kasama, kaibigan, kakampi" (218). Naging makabuluhan ang pagninilay ni Lea. Alalahanin na hindi alipin si Lea ng lumang ugaling sinuhayan ng Simbahan at nakaugat sa kostumbre't batas ng patriyarkong institusyon. Kalayaan, pagkakapantay-pantay, kapatiran—iyan ang mga prinsipyong nagpapasigla sa kaniyang patuloy na pakikipagsapalaran sa gitna ng mapanganib na krisis ng bayan.

Sinundan ang eksena ng melodramatikong sigawan ng ingay tigib ng idyomang magaspang o garapal: "Putang ina . . ." Nakasisindak ang bukambibig na sumpa/murang walang patid. Mag-ulik-ulik tayo: hindi ba katibayan ng kabaligtaran ng pagsuob at pagpupugay sa kadakilaan ng Birheng Ina na modelong ikon ng kulturang tradisyonal? O ito'y pasaring sa imahen ng puta, ng bruhang mangkukulam na kabilang mukha ng babae sa mito at fabula? Sa anu't anoman, nag-aktong kondensasyon ng mga sawimpalad ang pigura ni Lea: "Nakaramdam siya ng bigla at sagad na pagkaubos ng lakas. Ano itong ginagawa n'yo sa 'kin? Maawa naman kayo . . . sugat-sugat na 'ko, masyado na 'kong maraming latay!" (219). Sa diyalektikang anggulo, bininyagang ina ng mga sugatan ang mataray na Amazona.

Bago magwakas ang eksena, naulit ni Lea ang turong nais niyang igiit sa mga anak na nangungulila sa kanilang mga delingkuwenteng ama: "Hindi naaagaw ng iba ang tao dahil ang tao'y hindi pag-aari ng iba" (221). Tandisang tuligsa ito sa tubo, salapi (exchange-value), kapital, petisismo ng komoditi/kalakal. Ang huling parirala, susog ko rito, ay siyang sentral na tema ng buong salaysay kontra sa paghahari ng karapatan ng pribadong-pag-aari sa burgesyang orden. Ang konsepto/realidad ng pribadong pag-aari ng lupa, kagamitan sa produksiyon, at lakas-paggawa ng anakpawis ang basehang materyal ng pagsasamantala at pagmamalupit ng ilan sa nakararami sa makauring lipunan.

## Ang Ina: Guniguni at Katalagahan

Bakit ina palagi ang kasangkot sa usapin kung paano "ginawa," mas karapat-dapat "niyari," ang mga anak? Hindi na ito paksa sa biyolohiya o kuwestiyon tungkol sa genitalya, kundi pakikipagkapwa, pakikitungo, pakikibahagi. Suliranin ito, nais kong idiin, ng pagpapasiya, budhi, katwiran o rason, praktikang pagbubuti at pagsasaayos ng ugnayan ng mga tao sa pagsulong ng kabihasnan.

Bakit ina? Ang tugon dito ay nakasentro sa posisyon ng babae sa lipunang kinagisnan. Nakataya ang tradisyonal na papel ng babae bilang asawang responsable sa ama at mga anak. Sa lumang padron, ang babae ay taga-silbi sa asawa't mga supling. Siya ang pangunahing taong tungkulin ay asikasuhin ang lahat ng gawain sa tahanan. Bagama't subordinado o nasa ilalim ng kapangyarihan ng ama/patriyarko, ang pagtrato sa babae bilang ina ay binigyan ng romantikong mistipikasyon. Ang ina ang Reyna, ulirang tagakalinga, mapagbigay, masuyo, banal. Ang paiba-ibang mukha ng Ina, balintuna o *enigma,* ay magayumang *leitmotif* ng ideolohiya ng maternidad na maiging sinaliksik ni Delia Aguilar, kilalang progresibong iskolar (*Filipino Housewives Speak; Nationalist Feminism*). Dagdag dito, ang buod ng maternidad ay masisinag din sa komplikasyon ng tabu ng *incest* sa pagpapalitan-ng-mga-babae sa kritika nina Leacock, Rubin, Godelier, at iba pang dalubhasang komentaryo hinggil sa teorya nina Levi-Strauss at Engels.

## Pahimakas sa Babaylan

Sa pagtanggap sa ilang ideya/asal na integral sa lipunang kinamulatan tulad ng binansagang "matriarchy" na pagtampok sa babaylan, nalinlang ang kababaihan. Akala nila'y naitaas na ang lagay ng babae, o di kaya, patas na, komplimentari na sila. Sa totoo, namalikmata pala. Sa delusyong ito nabatikan ang karakter ng kababaihan sa Pilipinas. Kabilang sa mga lisyang haka-haka ang sumusunod: 1) ang pagkakasal ay normal na regulasyon; 2) ang panganganak ang primaryang tungkulin ng babae; 3) ang sakripisyo para sa pamilya (asawa at anak) ang pangunahing birtud ng babae; 4) ang obligasyong tumangkilik sa mga anak sa kanilang matrimonya; at, 5) responsibilidad ng babae ang maayos na kalagayan ng kasambahayan. Marami pang atas sa ina/asawa bukod dito. Pagtutol at negasyon ng mga doktrinang iyon ang trajektorya ng abentura ni Lea.

Mailalagom dito, batay sa kasaysayan ng bansa, ang proposisyon na nahubog ang mentalidad at ugali ng kababaihan sa bisa ng dibisyon ng

gawain sa loob at labas ng kasambahay. Iyon ang nagdidikta ng kasarian at walang katarungang paghahanay ng mga mamamayan. Sa pang-araw-araw na praktika, mapapansin ang epekto ng kasarian. Halimbawa, sa pagsunod sa doktrina/ugali na ang tungkulin ng ama/lalaki sa paghahanapbuhay sa publikong espasyo ay pinakaimportanteng bagay, naging normal ang pagsikil sa kababaihan sa parametro ng pamilya/tahanan. Kongklusyon ni Aguilar: "Maternal ideology holds the key to women's acquiescence to cultural expectations of appropriate gender behavior" (129). Pinatunayan ni Rose Torres-Yu ang pag-iral nito sa mga akda ng mga babaeng manunulat. Naikintal ng panitikang maka-babae ang paniniwala na "ang pag-aanak at pag-aruga sa anak ang siyang taluktok ng domestikong ideolohiya para sa mga Filipina at siyang nagiging salalayan ng pagbibigay, pagsuko at sakripisyo ng babae" (172).

Ang papel na ginampanan ni Lea ay isang malubhang pagsusuwail. Iyon ay rebelyon sa mapanglasong ideolohiya ng maternidad. Paano ito naipamalas? Una, hindi siya nakulong sa kasambahayang gawain; pangalawa, kumikita siya sa trabaho at nakikisalamuha sa publikong larang; at pangatlo, hindi siya nakatanikala sa matrimonya o kasal. Sa kostumbre ng sinaunang lipunan, bukod sa praktika ng diborsyo at maluwag na seksuwalidad, matalino ang erotikang kaalaman ng kababaihan (Phelan 186). Hindi pinag-ukulan ng detalyadong imbestigasyon ito dahil medyo nakawala na si Lea sa istriktong dibisyon ng trabaho. Sinalungat din niya ang monopolyo ng pribilehiyo ng lalaki. Hindi sagabal ang matrimonya/monogomya at prehuwisyong puritanikal kay Lea na imperatibo sa pagmamana ng pag-aari—walang makabuluhang mamanahin kundi mga anak na tratong pag-aari ng lumisang ama.

Kagilas-gilas na babae! Sapantaha kong ilag at natakot si Ding sa galing/birtud na hinango ni Lea sa unang danas ng pagsasama nila ni Raffy—may pagkapatas ang pakikitungo niya kay Raffy at asawang Elinor. Nakatulong ang pakikisangkot ni Lea sa organisasyong lumalaban at nagtatanggol sa mga biktima ng dahas ng diktadurang Marcos at Batas Militar. Kalauna'y taglay na ni Lea ang katatagan at seguridad ng kabatiran na bunga ng kaniyang madugong danas. Usal niya kay Raffy pagkaraang magkasama sila sa "Boycott" rali sa Kabanata 29 bilang paliwanag niya kung bakit hindi siya sumama kay Raffy nang umalis ito upang itaguyod ang sariling kapakanan. Matibay na ang tiwala sa sariling paghuhusga nang ilipat niya ang pananagutan sa lalaki: "Bakit umalis ka kahit naiwan ako? . . .Dahil malakas ka at

malakas ako, at iba ang gusto kong gawin sa gusto mo. Tingnan mo: nawala ka sa akin pero kung sumuko ako sa 'yo, ang nawala siguro sa akin ay ang sarili ko. Liligaya ka ba sa isang babaing walang sarili? Hindi na siya magandang asawa pag nagkagano'n" (230).

**Adyenda sa Paglalayag**

Sabik na tayo sa denouement. Isa na lamang ang balakid upang makahulagpos si Lea sa bilangguan ng mapang-aping institusyon ng pamilya at dobleng istandard: ang responsibilidad kina Maya at Ojie, anak ng dalawang amang tumakas. Paano ginawa ang salaysay? Sa pagpuno sa kawalan, sa transpormasyon ng diwa't pagkatao. Pagkatapos ng pagpapalitan ng mga lalaki/asawa, nabuksan ang landas para kay Lea upang mamatnugot sa kaniyang kabuhayan.

Unang nahawi ang telon ng salaysay sa pagpupugay kay Maya bilang Miss Kinder '82 at nagsara sa talumpati ni Lea sa mga graduweyt kapiling na si Ojie. Alinsunod naman ito sa dalawahang kamag-anakang sistema (bilateral kinship), alyansa ng dalawang pamilya (Mercado). Nagpasiya si Ojie na hindi na sasama sa ama papuntang US, tatak ng pagkagulang nito. Ang talumpati ni Lea ay sagot sa tanong kung paano ginagawa ang bata (salin: buhay ng ina). Bigkas ni Lea, iyon ay proseso ng paglaki, "pagtuklas ng iba't ibang laro, pagkadapa at pagkagasgas at pagkatalo't pagkatuto. Para sa susunod na laban . . . at matamis na panalo . . ." Ang magulang ay pansamantalang nagkasama, ngunit ang bunga noon ay hindi pagkatali ng dalawang tao panghabambuhay, isang yugto lamang iyon sa pakikipagsapalaran ng ordinaryong nilalang.

Tumindig si Lea, nagsalita, wari baga'y tinig ng aparatong pang-edukasyon na pinakamabisang makinarya sa paghugis ng egotistiko't mapanghamig na burgis. Niyayari ang medya-klaseng saray ng sosyedad sa interpelasyon ng magulang tulad ni Lea. Inilahad ni Lea na ang paglaki ay pag-ani ng mga gabay at leksiyon sa danas araw-araw. Mungkahi ni Lea sa mga baguntao: patuloy na buksan ang isip sa iba't ibang uri ng tao at pangyayari, laging magtanong, laging sumagap ng bagong ideya at kaalaman, laging magsiyasat at magsuri. Isang oryentasyon ang kailangan na dapat tandaan: "Lahat ng dapat niyang matutunan ngayon pa lang; hindi pagkamasunurin at pagkakimi . . . kundi pagkibo kung may sasabihin at paglaban pag kailangan. Lahat ng panahon ay hindi panahon para sa mga takot at pagtitimpi . . . ; lahat ng panahon ay panahon ng pagpapasiya" (236). Mabalasik na hamon ang

inilapag ni Lea sa madlang dati'y naeskandalo sa kaniyang halimbawa.

Walang mahiwaga o baligho sa mungkahi ni Lea. Wari baga'y tumatalima lamang siya sa payo ng "Family Code of the Philippines" hinggil sa tungkulin ng magulang: "To provide them with moral and spiritual guidance, inculcate in them honesty, integrity, self-discipline, self-reliance, industry and thrift, stimulate their interest in civic affairs, and inspire in them compliance with duties of citizenship" (67). Malaking bahagdan ng Family Code ay nauukol sa disposisyon ng pribadong pag-aari, na walang saysay kina Lea at Ding. Ang pakikiapid nina Ding at Lea ay hindi "bigamous o polygamous" na ipinagbabawal, kundi sakop sa "concubinage" o sistema ng "querida" na mana sa kolonyalismong Espanyol (tungkol sa kalunya sa pamilyang Intsik, tingnan Queen at Habenstein).


## Panata ng Sirena, Patnubay ng Anghel

Kakatwang instruksiyon ang inihapag ni Lea sa mga estudyanteng nagtatapos. Sa halip na gumagad sa Asiatikong kostumbre ng pagsamba sa mga anito o ninuno, at pagsunod sa utos ng mga matanda (filial piety), demokratiko't liberal ang mensahe ni Lea. Angkop sa republikang sistema ng bansa. Radikal kumpara sa konserbatibong turo ng tradisyon. Ipinatungkol ang ganitong repleksiyon sa kaniyang anak: "Hindi, hindi ko kailanman itinago sa kanya kahit ang masakit na katotohanan. Dahil iyon ang magpapalalim sa isip niya at huhubog sa kanya bilang malakas at matatag na tao!" (237). Kung tutuusin, itinago ni Lea ang karumal-dumal na pagtataksil ni Ding kay Ojie.

Sa anu't anoman, ang aksiyomang "ang katotohanan ay magpapalaya sa iyo" ay alingawngaw ng mga patalastas ng Propagandistang Indio at manipesto ng Kaliwanagan ng rebolusyong siyentipiko sa Kanluran. Walang tututol dito kundi mga reaksiyonaryong alila ng neokolonyang sistema. Ngunit sa tingin ng postmodernong sensibillidad, walang obhetibong katotohanan dahil sa relatibistikong ideolohiya ng "free market" na nagbabaluktot sa nadaramang kapaligiran. Laganap na ito kahit nasa bukana pa lamang tayo ng modernidad at hindi pa nga tumatagos ang aral ng Kaliwanagan mula sa Europa, na ikinalat sa diskurso nina Rizal, del Pilar, Mabini, Isabelo de los Reyes, at mga bayani ng Rebolusyong 1896. Oo, may katotohanan pang unibersal na masusubok na dapat hanapin at kasangkapanin sa mapagpalayang praktika.

Bago magwakas, nais kong ikintal dito ang isang iskema ng mga importanteng kategorya ng susing tema na binigyan ng representasyon

sa mga tauhan at pangyayari sa nobela. Isinalin ang realistikong larawan ng mga karakter sa abstraktong konsepto na naglaro sa diyalektika ng ina-anak-asawang lumulutang sa daloy ng liko-likong narasyon. Ang banghay ng nobela ay nakatahi sa tematikong kategoryang naitalangguhit dito sa semiotikang diyagrama:




### Signos ng Propetikong Hinala

Itinanghal sa huling kabanata ang transpormasyon ng diskurso, mula salaysay tungo sa talastas ng darating, retorika ng panghuhula o paglapit sa inaasahang mangyayari. Humantong ito sa ilang habilin sa empatetikong mambabasa. Malayo na ang narating ni Bautista mula sa rasismo ng *Gapo* at trahedya-komedya ng mga kuwento sa *Buwan, Buwan,* mula sa melodramatikong pag-ikot ng mga eksena sa *Dekada '70* hanggang sa *Desaparesidos* at eksperimentong pagsasanay sa *In Sisterhood,* at *Sixty in the City.*

Ang limang talata sa huling dalawang pahina ng nobela ay testamento ng isang rebolusyonaryong peminista. Nakaangkla ang bisyon ng ina sa paggamit ng "sama-samang liwanag ng katotohanan" na likha ng makabayang kilusan at kolektibong pagpupunyagi, "dahil ang pinag-uusapan dito'y hindi ang pribadong buhay ko, kundi ang kabuuan kong nakakawing sa buhay n'yo." Iginiit niya na kailangan ang memorya ng nakalipas, lalo na ang pagdiriwang sa sakripisyo ng mga biktima't martir ng himagsikan, "ang mga inaapi't lumalaban, ang mga nagbubuwis ng buhay sa pagtitindig ng mas magandang kinabukasan" (238).

Pakinggang natin ang panawagan ni Lea, isang karakter sa nobelang inimbento, naghunos at nagbalatkayong awtor ng kaniyang sariling

historya. Nagbanyuhay siya't naging taga-ugit at komadrona ng kaniyang kapalaran:

> Oo, natuklasan ko ang mga bagay na hindi ko siguro natuklasan kung pinahawakan ko lang sa iba ang pagkatao ko. Hindi ako nagpakulong, sinikap kong lumaya. At mula sa paglaya ko sa makitid na papel ng isang babae, natiyak ko na ang kalayaan nga pala, sa higit na pangmalawakang kahulugan nito, ay hindi nahihingi kundi ipinakikipaglaban. Hindi lahat ng hinuhuli'y kriminal, at hindi lahat ng diyos ay may dangal.
>
> Hindi ako natatakot. Babae ako at malakas ako. Ako ang tagapagsilang ng tao, pambuhay ng sanggol ang dibdib ko.
>
> Hindi porke ina na ko'y huminto na 'ko sa paglaki. Hindi porke babae 'koy maiiwan ako sa labanan. Para sa kaligtasan ng lipunan at kinabukasan ng anak ko, sa digmaan ng mga uri't prinsipyo, sa mapayapa man o madugong pagbabago, magtiwala kayo . . . sasama ako! (239).

Tasahin natin na ito'y deklarasyon ng isang ina, paglalagom ng kaniyang danas at dalumat sa kasaysayang natunghayan natin. Ito'y repleksiyong mataimtim at nakaantig, walang Marxistang bokabularyong ginamit ni Mara sa *Dekada '70* (kakatwang pinuri ni Siapno). Sulit na ang araling makababae. Pinaaalala sa atin na nahinog na ang masaganang karanasan ng mga kababaihang tulad nina Amanda Bartolome at iba pang kabaro, na nakalaya na sila sa ordeng patriyarkal kung saan ipinagbabawal ang sumiping o magkaanak ang babae sa iba't ibang lalaki, na nangyayari sa mga sinaunang lipunang dahop sa likas-yaman at iba pang makamundong pangangailangan (Leacock; Godelier).

Maisasakonteksto ang metamorposis ni Lea sa nangyaring paghunos ng MAKIBAKA, ang pinakaunang organisasyon ng makabayang kababaihan, noong 1983. Iniulat ni Vicvic Justianiani, isang mataas na pinuno sa New People's Army, na ibinuhay muli ang konseho ng grupo kamakailan. Itinatag iyon sa liderato ni Lorena Barros noong 1970, sa paghikayat ng Samahan ng Demokratikong Kabataan (SDK), at naging masigasig sa mobilisasyon ng kababaihan bago pa ipataw ang Batas Militar (Davis 151–55; Hernando 48-64). Iyon ang nagbinhi sa kasalukuyang pormasyon ng pederasyong GABRIELA, kung saan si Bautista ay kasapi bilang miyembro ng Women's Desk, Concerned Artists of the Philippines. Sa pagbuo ng

politikang seksuwal ni Lea, binago rin niya ang konsepto ng kasarian—namagitan ang malikhaing talino at kabatiran ng kababaihan—upang mailuwal ang bagong identidad niya mula sa diyalektika ng sarili at komunidad. Ang antas ng transpormasyong naabot ay lampas sa presinto ng kamag-anakan at patriyarkong pamilya, at lalong lagpas sa minananag padron ng kasarian. Sa pagsasanib ng mga puwang/butas ng praktika at teorya, ng aksiyon at kamalayan, ginawa ang nobela. Nalikha sa palukso-luksong kabanata ng transpormasyon ng mga tauhan at kanilang sitwasyon ang alternatibo/oposisyonal na kababaihang sinasagisag ng nagbagong-buhay na protagonista, si Lea Bustamante.

## SANGGUNIAN

Aguilar, Delia. *Filipina Housewives Speak*. Maynila: Institute of Women's Studies, 1991.

_____. *Toward a Nationalist Feminism*. Lungsod Quezon: Giraffe Books, 1998

Althusser, Louis. *Lenin and Philosophy and Other Essays*. London: NLB.

Barrett, Michele, at Mary McIntosh. *The Anti-Social Family*. London: Verso, 1982.

Bautista, Lualhati. *Bata, Bata . . . Pa'no Ka Ginawa?* Maynila: L. Bautista, 1983.

Davis, Leonard. *Revolutionary Struggle in the Philippines*. London: Macmillan, 1989.

Dean, Jodi. "Silvia Federici: The Exploitation of Women and the Development of Capitalism." *Liberation School*. Huling minodify Nobyembre 20, 2020. https://liberationschool.org/silbiefederici-women-and-capitalism

Engels, Friedrich. "The Origin of the Family, Private Property and the State." Nasa *Selected Works by Marx and Engels*. New York: International Publishers, 1968.

Eviota, Elizabeth. *The Political Economy of Gender*. UK: Zed Press, 1992.

Family Code of the Philippines. Republic of the Philippines. Executive Order No. 209, Hulyo 6, 1987. Maynila: Office of the President, Malacañang Palace.

Figes, Eva. *Patriarchal Attitudes*. Greenwich, Conn: Fawcett Publications Inc., 1970.

Fromm, Erich. *The Crisis of Psychoanalysis*. Greenwich, Conn: Fawcett Publications Co., 1970.

Godelier, Maurice. "The Origins of Male Domination." *New Left Review* 127 (May–June 1981): 35–87.

Hegel, G. W. F. *The Phenomenology of Mind*. Isinalin ni J. B. Baillie. New York: Harper and Row, 1967.

Hernando, Pauline Mari. *Lorena*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 2018

Javate-De Dios, Aurora, Petronilo Daroy, at Lorna Kalaw-Tirol, pat. *Dictatorship and Revolution*. Maynila: Conspectus, 1988.

Jung, C. G. *Four Archetypes*. Princeton, NJ: Princeton University Press, 1970.

Leacock, Eleanor. "Interpreting the Origins of Gender Inequality: Conceptual and Historical Problems." *Dialectical Anthropology* 7.4 (Febuary 1983): 263–84.

Macherey, Pierre. "An Interview with Pierre Macherey." *Red Letters* 5 (1977): 3–9.

_____. *A Theory of Literary Production*. London: Routledge, 1978.

Medina, Belen. *The Filipino Family*. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1991.

Mercado, Leonardo. *Legal Philosophy*. Tacloban, Leyte: Divine Word University Publications, 1984.

Mitchell, Juliet. "Women's Estate: The Position of Women." Nasa *An Anthology of Western Marxism*, inedit ni Roger Gottlieb. New York: Oxford University Press, 1989.

Phelan, John Leddy. *The Hispanization of the Philippines*. Madison:University of Wisconsin Press, 1967.

Queen, Stuart, at Robert Habenstein. *The Family in Various Cultures*. 3rd edition. Philadelphia: J. B. Lippincott Company, 1967.

Rubin, Gayle. "The Traffic in Women: Notes on the Political Economy of Sex." Nasa *Toward an Anthropology of Women*, inedit ni Rayna Reiter. New York: Monthly Review Press, 1975.

Siapno, Jacqueline. "Alternative Filipina Heroines: Contested Tropes in Leftist Feminism." Nasa *Bewitching Women, Pious Men*, inedit nina Aihwa Ong at Michael Peletz. Berkeley, CA: University of California Press, 1995.

Torres-Yu, Rose. *Alinagnag*. Maynila: UST Publishing House, 2011.

Williams, Raymond. *Marxism and Literature*. UK: Oxford University Press, 1977.

Zaretsky, Eli. *Capitalism, The Family, and Personal Life*. New York: Harper and Row, 1976.